# ANG CARBON MONOXIDE (CO)

ISANG NAKAMAMATAY NA GAS NA HINDI NAKIKITA

Ang carbon monoxide (CO) ay isang gas na walang kulay, walang amoy at walang lasa.



Walang kulay | Walang amoy | Walang lasa

Hindi ito matutukoy kung walang espesyal na kagamitan o detector.

Kahit kaunting dami lamang ay maaari nang maging mapanganib sa kalusugan.


**Ang taong nakalalanghap ng carbon monoxide ay maaaring mabilis na magkasakit. Ito ang tinatawag na pagkalason o intoxication.**

**Ano ang gagawin kung nalason sa CO?**

- Lumabas agad.
- Tumawag sa 911.
- Hintayin ang mga bumbero bago muling pumasok.

## Mga sintomas ng pagkalason

Maaaring ikamatay ang pagkalason sa CO.




drspmtl.ca/monoxyde-carbone

Québec

## Saan nanggagaling ang CO?

Mula sa anumang kagamitang nagsusunog ng gas, kahoy, propane, gasolina o fuel oil/mazout.




## Mga paraan ng pag-iwas

- Mag-install ng CO detector sa bawat palapag at malapit sa mga kuwarto.
- Regular na subukan ang detector at palitan ang baterya ayon sa rekomendasyon.
- Gamitin lamang ang barbecue o kalan sa camping sa labas.
- Paandarin lamang ang generator sa labas, malayo sa mga pinto at bintana.
- Ipasuri bawat taon sa espesyalista ang mga kagamitang nagsusunog ng gas, kahoy, propane, gasolina o fuel oil/mazout.